Sa lahat ng mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama

# Pagsisimula ng Taon ng Ebanghelisasyon para sa Diyosesis ng Saitama

— Ang bawat Katoliko ay misyonero —

## Misyon ng Simbahan

“Humayo kayo sa buong mundo at ipalaganap ang mabuting balita. Ipalaganap ang aking mga pangaral sa lahat ng tao. Gawin silang aking mga disipulo.”

Ito ang Dakilang Pagtatalaga ng ating Panginoong Hesus.

Sa taon 1987, ang Catholic Bishops’ Conference of Japan ay nagkaroon ng National Incentive Convention for Evangelization (NICE), kung saan itinaguyod ang “Pagtatayo ng Bukas na Simbahan” bilang pangunahing isyu at naglabas ng motto “makinig, isaloob, himukin”. Pakay namin na kilalanin ang Simbahan bilang komunidad na tumutugon sa mga alalahanin, pangangailangan at mag-alay ng panhinga, ginhawa at paghimok lalo na sa mga mahihina, mga taong may problema sa pag-iisip at emosyon, at yaong nagdurusa sa pagkabalisa at kalungkutan.

Nais natin na maging simbahan na mainit na tumatanggap ng kahit sinong panauhin. Nais natin na hindi lang mga pari kundi lahat ng layko ang maaring magbahagi kung paano sila naging Kristiyano at sa kanilang paniniwala at para sa gustong malaman ang Kristiyanismo. Kaya, taos-puso nating pagnanais na himukin at pagyamanin ang komunidad ng simbahan na ihanda ang mga miyembro sa pagbabahagi sa pananampalataya sa kanilang sariling salita.

## Ebanghelisasyon ng Layko

Lahat ng layko ay tinawag upang magpalaganap ng mabuting balita.

Subalit, dapat silang magpalaganap na ayon sa kanilang katayuan at bokasyon.

Ang layko ay may katungkulan na magpalaganap sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang katungkulan sa mundo na dapat magagawa. Samantala, napakahalaga para sa kanila na tumanggap ng pagsasanay para manguna sa pag-aaral sa Bibliya ng mga grupo para sa mga baguhan at mga Katoliko o manilbihan sa kanilang mga parokya.

Dahil dito, kailangan din nilang matiyak ang mabuting komunikasyon sa kanilang mga pari, pastor at mga katuwang.

Alam ko na marami sa inyo ang nais matuto lalo na sa Katesismo, Liturhiya at iba pa, at himukin kayo na magkaroon ng mga sesyon ng pag-aaral sa bawat parokya. Subalit sa totoo ay nagdepende ito sa laki ng mga parokya at ang mga pari ay may maraming trabaho. Mas kanais-nais na ang mga sesyon ng pag-aaral ay gagawin sa antas ng diyosesis o prepektura.

## Ang Kahirapan sa Kristiyanismo

Mayroon akong mga katanungan sa inyo.

Anong klaseng relihiyon ang Kristiyanismo na tinanggap ng lipunang Hapones? May maraming mga tao sa labas ng Simbahan na tumutuligsa sa atin dahil hindi nila masyadong maintindihan ang ating sinasabi at ginagawa at ang ating mga pangaral. Nakikita ba ninyo ang mga aspeto na mahirap tanggapin, na maging mga balakid, at hindi maintindihan?

Ang ibang mga katanungan ay madali lang: Anong mangyari sa atin kung tayo ay patay na? Bakit marami ang kasamaan sa mundong ginawa ng Diyos? Nais nating pahalagahan ang hamon sa pagsagot sa mga katanungan.

Ang Malakingh Lindol sa Hilagang Japan ay nagbigay ng malaking hamon sa ibat-ibang relihiyoso.

Si Papa Benedicto XVI ay nagbigay ng magandang sagot sa isang batang babaeng Katoliko na si Elena na galing sa Japan na nakaranas sa malaking lindol at sinabihan siya na pakitanong sa Diyos kung bakit kailangang makaranas ang mga bata ng matinding kalungkutan.

“Pagiging Saksi” ay napakahalaga rin. Ang mga tao ay sensitibo hindi masyado sa ating pinaniniwalaan at sinabi kundi paano natin isinabuhay ang ating sinasabi.

Paano natin isinabuhay ang ating pang-araw-araw na buhay? Kung ang ating buhay ay hindi akma sa ating mabuting pananalita, maari itong balakid sa ibang tao.

## Komite ng Makabagong Ebanghelisasyon

Mayroon tayong hamon kung paano natin harapin ang kakulangan sa pag-intindi o hindi pagkaintindi sa mga pangaral ng Kristiyanismo at magsumikap na ayusin ito. Upang harapin ang hamon, nagtalaga ako ng “Komite ng Makabagong Ebanghelisasyon”. Humihingi ako ng inyong pang-unawa at kooperasyon at pagsali ninyo sa komite.

Enero 30, 2017

Arsobispo Pedro Takeo OKADA

Apostolikong Administrador ng Diyosesis ng Saitama